Republic of the Philippines
# Department of Education
Region VII – CENTRAL VISAYAS
**SCHOOLS DIVISION OF BOHOL**

**Office of the Schools Division Superintendent**

March 1, 2021

DIVISION MEMORANDUM
No. 112 s, 2021

**PANSANGAY NA PAGSASAGAWA NG ORAL READING VERIFICATION TEST (ORVT) SA ASIGNATURANG FILIPINO ANTAS SEKONDARYA**

**Pansangay at Pandistritong Tagamasid**
**Prinsipal/Punong Guro ng Sekondarya**
**Mga Pandistritong Katumbukan sa Filipino(Sekondarya)**
**At Ibang mga Kinauukulan**

1. Itinagubilin ng tanggapang ito sa pamumuno ng Curriculum Implementation Division , ang pagkakaroon ng Pansangay na pagsasagawa ng Oral Reading Verification Test sa lahat ng pampublikong paaralang Sekonadarya sa mga mag-aaral ng baitang 7-10.
2. Isasagawa ang ORVT sa layuning:
   - Matatasa ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa antas sekondarya.
   - Malilikom ang mga datos ukol sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.
   - Mabibigyan ng angkop na interbensyon upang maagapan ang kakulangan sa kakayahan ng mga mag-aaral kaugnay sa pagbabasa at pag-uunawa sa binasa.
   - Ang resulta sa pagsusuri na ito ay gagawing batayan sa mga darating na pagsasanay ng mga guro sa Filipino.
3. Ang gawaing ito ay ipapatupad sa buwan ng Marso, 2021 nang naaayon sa tagubiling napagkasunduan sa ginanap na virtual na pagpupulong na dinaluhan ng mga Katumbukan sa Filipino ng lahat na Distrito ng Bohol Division noong Pebrero 23, 2021.
4. Kalakip sa memorandum na ito ang mga babasahin na gagamitin sa pagsasagawa ng ORVT at ang template na susulatan ng naging resulta sa gawain.
5. Ang kabuuang resulta sa bawat Distrito ay isusumite sa tanggapang ito sa unang linggo sa buwan ng Abril, 2021.
6. Hinihiling din ang suporta at paggabay ng mga Prinsipal o mga administrador ng paaralan upang maayos na maisatuparan ang gawaing ito.
7. Inaasahan ang agarang pagpapaalam at pagpapalaganap sa mensahe ng Memorandum na ito sa lahat na kinauukulan.

**BIANITO A. DAGATAN EdD., CESO V**
*Schools Division Superintendent*

0050 Lino Chatto Drive Barangay Cogon, Tagbilaran City, Bohol
Tel Nos.: (038) 412-4938; (038) 411-2544 (038) 501-7550
Telefax: (038) 501-7550 email add: deped.bohol@deped.gov.ph

Behold... BOHOL

ORVT
S.Y. 2020-2021
FILIPINO 7

## Ubos-ubos Biyaya, Bukas Nakatunganga

Maraming nilalang ang nabubuhay lamang sa kasalukuyan at hindi marunong tumanaw sa kinabukasan. Mahinang pundasyon ang ganitong paniniwala sapagkat hindi maaaring ipagwalang-bahala ang maaaring mangyayari bukas. Ang ating hinaharap ay nababatay lamang sa kung ano ang ginawa natin kahapon at patuloy na ginagawa sa ngayon at ang lahat ng resulta nito'y maaaring produkto ng ating kinabukasan. Oo nga't sagana ka ngayon, uubusin mo ba namang lahat at hindi na paglalaanan ang susunod na araw? Hindi natin mahuhulaan ang takbo ng ating kapalaran, paano kung may biglang pangyayaring maganap, saka ka pa lamang mag-isip? Maiiwasan mo kung ikaw ay may tinatawag na "foresight", may paghahanda at makikita mo, hindi ka karaka-rakang mabibigla at mahuhuling nakatunganga. Kung sagana ka ngayon, mag-impok at maglaan para sa mga sumunod na araw. Gawin mong halimbawa ang mga langgam.

Mga tanong:

1. Anong kaugalian ang pinupuna sa unang pangungusap ng talata?

2. Ano ang posibleng mangyayari kung hindi tayo nag-iimpok?

3. Ano ang nais ng may-akda na gagawin ng mga mambabasa?

4. Sino kaya ang tinutukoy na "nabubuhay lamang sa kasalukuyan"?

5. Ano ang ipinahihiwatig ng sinalungguhitan sa talata?

6. Bakit ang langgam ang tinutukoy na may-akda na gagawing halimbawa?

ORVT
S.Y. 2020-2021
FILIPINO 8

Walang pera ang nanay ni Dan. Tuloy hindi siya nakahingi ng pambili ng mga kailangan niya sa paggawa ng proyekto sa T.L.E. Dali-dali siyang pumunta sa kanilang tambakan. Isinilid sa lalagyang plastik ang mga bote ng toyo, suka at ketsup. Tinalian niya ang mga lumang dyaryo. Binitbit niya ang supot at tali ng dyaryo nang makasalubong niya ang kanyang ina.

"Anak, ano 'yan?" tanong ng ina.

"Ibebenta ko sana ito sa junk shop nanay upang mapakinabangan naman", sagot ni Dan.

"Kailangan ko kasi ng pera na pambili ng mga kakailanganin ko sa proyekto namin sa T.L.E." dugtong pa ni Dan.

Nauunawaan ng ina ang pakay ng anak. Kaya sabi niya, " Anak, ako na ang magdadala niyan sa junk shop, hindi ka pa pwedeng lumabas ng bahay. Ang mga may gulang na labinlima pataas pa lang ang pinapayagan." Sumang-ayon naman si Dan. Ibinigay rin niya sa nanay niya ang listahan na kailangang bilhin para sa kanyang proyekto.

Mga tanong:

1. Sino ang pangunahing tauhan sa akda?

2. Ano ang suliranin ng pangunahing tauhan sa akda?

3. Paano nilulutas ng pangunahing tauhan ang kanyang suliranin?

4. Bakit ang ina ni Dan ang nagdala ng mga basura sa junk shop?

5. Bakit kaya ibinigay ni Dan sa kanyang ina ang listahan ng mga kailangan niyang bilhin para sa kanyang proyekto?

6. Ano ang mensaheng nais iparating ng may-akda sa mga mambabasa?

ORVT
S.Y. 2020-2021
FILIPINO 9

**Ang Kaarawan ni Jenny**

Dalawang linggo na lamang at kaarawan na ni Jenny. Sabik na sabik na siyang nagpaplano para sa kanyang parti. May listahan na siya ng mga kaibigang iimbitahin. Napag-usapan na nila ng kanyang nanay ang mga pagkaing ihahanda. Bilabalak nilang mag-order ng Keyk kina Ma'am Rosal. Pumili na rin sila ng disenyo ng keyk na babagay sa pinipili nilang tema ng okasyon. Ang mga lobo at iba pang kailangan ay may lugar nang bibilhan.

"Bukas, pupunta tayo sa Dauis. Mayroon bagong kainan doon na masarap ang ihahaing ulam bukod sa tumatanggap din sila ng order. Doon na lang tayo magpapaluto ng ulam. Makapipili tayo roon ng mga ulam sa kanilang menu na tiyak na magugustuhan ng ating mga panauhin", sabi ng nanay ni Jenny.

"Magpapagawa rin tayo ng milk-tea sa katabing tindahan nito", mungkahi ni Jenny na sinang-ayonan naman ng ina upang hindi na sila maghahanda ng softdrinks.

Handa na sana ang lahat subalit isang masamang balita ang dumating. Inuutos ng pamahalaan na maglockdown at walang papayagang lumabas ng bahay dahil sa bigyang pagkalat ng sakit na COVID-19. Wala pa ring malinaw na balita kung kailan matatapos ang lockdown hanggang sa dumating ang kaarawan ni Jenny.

Mga Tanong:

1. Ano ang pinanabikan ni Jenny?

2. Paano ipinapakita ang pananabik ni Jenny?

3. Bakit dapat ding pagplanuhin kung saan bibili ng mga kakailanganin?

4. Anong suliraning pandaigdig ang binanggit sa talata?

5. Anong kaugalian sa kasalukuyan ukol sa handaan ang binanggit sa akda?

6. Sa inyong palagay, natutuloy kaya ang pinaplanong parti ni Jenny sa kanyang kaarawan?

ORVT
S.Y. 2020-2021
FILIPINO 10

## Magtulungan sa Halip sa Mangutya

Kilala sa buong barangay si Mang Dionisio. Nagingisda siya sa gabi at may maliit din siyang maisan. Nagpapahiram din siya ng pera sa mga nangangailangan na may porsyento. Bagamat sunod-sunod na ipininganak ang kanyang walong anak, kumikita pa rin naman silang mag-asawa ng sapat. Subalit hindi siya gaanong nagugustuhan ng kanyang mga kabarangay. Iyon ay dahil sa kanyang labis na katipiran.

"Tingnan n'yo si Mang Dionisio". Naglalakad na naman siya ganoong may pambayad naman siya sa dyip. Talagang kuripot!" panunuya ng isang kabarangay.

"Malay n'yo nga naman. Baka sakaling maging milyonaryo," salo ng isa pa.

"Ha! Ha! Ha!" sabay-sabay na tawanan ng iba pa niyang kabaranggay.

Isang araw, isang malakas na bagyo ang dumaan sa kanilang lugar. Nasapol nang husto ng bagyong Auring ang kanilang barangay. Maraming tahanan ang nawasak. Nasalanta ang mga pananim. Ang mga hayop ay namatay rin.

Lubhang naghirap ang mga kanayon ni Mang Dionisio dahil hindi sapat ang ipinamudmod ng pamahalaang lokal. Habang nagpapalabas ng mga hinaing sa harap ng mga opisyales ng barangay ang kanyang mga kanayong nagugutom, dumating si Mang Dionisio at ang kanyang pamilya dala-dala ang mga supot ng bigas at de lata upang ipamigay sa mga kabarangay.

Mga tanong:

1. Ano ang katangian ni Mang Dionisio na hindi nagustuhan ng kanyang mga kabaranggay?

2. Anong ugali ng mga kabaranggay ni Mang Dionisio ang hindi dapat pamarisan?

3. Bago dumating ang sakuna sa kanilang barangay, paano natulungan ni Mang Dionisio ang kanyang mga kanayon na kapalit naman nito ay ang paglago ng kita niya.

4. Bakit kaya nakapagpamahagi pa ng pagkain si Mang Dionisio sa kanyang mga kabaranggay gayong nakatira rin siya sa barangay na nasapol ng bagyong Auring?

5. Anong aral ang nais ipabatid ng may-akda sa pahayag na "hindi sapat ang ipanamudmod ng pamahalaang lokal"?

6. Para sa iyo, dapat bang pamarisan ang ginawa ni Mang Dionisio na paglalakad kahit na may pambayad sa dyip?

ORVT
S.Y. 2020-2021
FILIPINO 7

## Ubos-ubos Biyaya, Bukas Nakatunganga

Maraming nilalang ang nabubuhay lamang sa kasalukuyan at hindi marunong tumanaw sa kinabukasan. Mahinang pundasyon ang ganitong paniniwala sapagkat hindi maaaring ipagwalang-bahala ang maaaring mangyayari bukas. Ang ating hinahanap ay nababatay lamang sa kung ano ang ginawa natin kahapon at patuloy na ginagawa sa ngayon at ang lahat ng resulta nito'y maaaring produkto ng ating kinabukasan. Oo nga't sagana ka ngayon, uubusin mo ba namang lahat at hindi na paglalaanan ang susunod na araw? Hindi natin mahuhulaan ang takbo ng ating kapalaran, paano kung may biglang pangyayaring maganap, saka ka pa lamang mag-isip? Maiiwasan mo kung ikaw ay may tinatawag na "foresight", may paghahanda at makikita mo, hindi ka karaka-rakang mabibigla at mahuhuling nakatunganga. Kung sagana ka ngayon, mag-impok at maglaan para sa mga sumunod na araw. Gawin mong halimbawa ang mga langgam.

Mga tanong:

1. Anong kaugalian ang pinupuna sa unang pangungusap ng talata?
   Sagot: Pagiging bulagsak sa pera / hindi masinop/ hindi matipid.

2. Ano ang posibleng mangyayari kung hindi tayo nag-iimpok?
   Sagot: Mahihirapan tayo kung sakaling may magkakasakit sa pamilya o may importanteng pagkakagastahan ng pera.

3. Ano ang nais ng may-akda na gagawin ng mga mambabasa?
   Sagot: Mag-impok at huwang ubusin ang kinikita sa isang araw lamang.

4. Sino kaya ang tinutukoy na "nabubuhay lamang sa kasalukuyan"?
   Sagot: Ang tinutukoy na "nabubuhay lamang sa kasalukuyan ay ang mga taong hindi marunong magtipid.

5. Ano ang ipinahihiwatig ng sinalungguhitan sa talata?
   Sagot: Ang ipinahihiwatig ng sinalungguhitan sa talata ay mabibigla.

6. Bakit ang langgam ang tinutukoy na may-akda na gagawing halimbawa?
   Sagot: Ang langgam ay mabisang halimbawa ng paghahanda sa hinaharap dahil sa panahon ng tag-araw ay abala sila sa pag-iimbak ng pagkain kaya sa panahon ng tag-ulan kung kalian hindi sila makalalabas sa kanilang lungga ay mayroon pa rin silang makakain dahil sa kanilang iniipon sa panahon ng tag-araw.

ORVT
S.Y. 2020-2021
FILIPINO 8

Walang pera ang nanay ni Dan. Tuloy hindi siya nakahingi ng pambili ng mga kailangan niya sa paggawa ng proyekto sa T.L.E. Dali-dali siyang pumunta sa kanilang tambakan. Isinilid sa lalagyang plastik ang mga bote ng toyo, suka at ketsup. Tinalian niya ang mga lumang dyaryo. Binitbit niya ang supot at tali ng dyaryo nang makasalubong niya ang kanyang ina.

"Anak, ano 'yan?" tanong ng ina.

"Ibebenta ko sana ito sa junk shop nanay upang mapakinabangan naman", sagot ni Dan.

"Kailangan ko kasi ng pera na pambili ng mga kakailanganin ko sa proyekto namin sa T.L.E." dugtong pa ni Dan.

Nauunawaan ng ina ang pakay ng anak. Kaya sabi niya, " Anak, ako na ang magdadala niyan sa junk shop, hindi ka pa pwedeng lumabas ng bahay. Ang mga may gulang na labinlima pataas pa lang ang pinapayagan." Sumang-ayon naman si Dan. Ibinigay rin niya sa nanay niya ang listahan na kailangang bilhin para sa kanyang proyekto.

Mga tanong

1. Sino ang pangunahing tauhan sa akda?

    Sagot: Dan

2. Ano ang suliranin ng pangunahing tauhan sa akda?

    Sagot: Wala siyang pambili ng mga kakailanganin niya para sa kanyang proyekto sa T.L.E.

3. Paano nilulutas ng pangunahing tauhan ang kanyang suliranin?

    Sagot: Tinipon niya ang mga basurang maibenta sa junk shop.

4. Bakit ang ina ni Dan ang nagdala ng mga basura sa junk shop?

    Sagot: Ang ina ni Dan ang nagdala ng mga basura sa junk shop dahil bata pa si Dan at sa panahon ng lockdown ang mga may gulang na labinlima pataas lamang ang pwedeng lumabas ng bahay.

5. Bakit kaya ibinigay ni Dan sa kanyang ina ang listahan ng mga kailangan niyang bilhin para sa kanyang proyekto?

    Sagot: Ibinigay ni Dan sa kanyang ina ang listahan ng mga kailangan niyang bilhin para sa kanyang proyekto upang ang kanyang ina na rin ang bibili nito.

6. Ano ang mensaheng nais iparating ng may-akda sa mga mambabasa?

    Sagot: Ang mensaheng nais iparating ng may-akda sa mga mambabasa ay kailangang matuto tayong umintindi sa sitwasyon ng ating pamilya at matuto na rin tayong tumulong upang hindi mahihirapan ang mga magulang.

ORVT
S.Y. 2020-2021
FILIPINO 9

## Ang Kaarawan ni Jenny

Dalawang linggo na lamang at kaarawan na ni Jenny. Sabik na sabik na siyang nagpaplano para sa kanyang parti. May listahan na siya ng mga kaibigang iimbitahin. Napag-usapan na nila ng kanyang nanay ang mga pagkaing ihahanda. Bilabalak nilang mag-order ng Keyk kina Ma'am Rosal. Pumili na rin sila ng disenyo ng keyk na babagay sa pinipili nilang tema ng okasyon. Ang mga lobo at iba pang kailangan ay may lugar nang bibilhan.

"Bukas, pupunta tayo sa Dauis. Mayroon bagong kainan doon na masarap ang inihahaing ulam bukod sa tumatanggap din sila ng order. Doon na lang tayo magpapaluto ng ulam. Makapipili tayo roon ng mga ulam sa kanilang menu na tiyak na magugustuhan ng ating mga panauhin", sabi ng nanay ni Jenny.

"Magpapapagawa rin tayo ng milk-tea sa katabing tindahan nito", mungkahi ni Jenny na sinang-ayonan naman ng ina upang hindi na sila maghahanda ng softdrinks.

Handa na sana ang lahat subalit isang masamang balita ang dumating. Inuutos ng pamahalaan na maglockdown at walang papayagang lumabas ng bahay dahil sa bigyang pagkalat ng sakit na COVID-19. Wala pa ring malinaw na balita kung kailan matatapos ang lockdown hanggang sa dumating ang kaarawan ni Jenny.

Mga Tanong:

1. Ano ang pinanabikan ni Jenny?

Sagot: Ang pinanabikan ni Jenny ay ang kanyang kaarawan.

2. Paano ipinapakita ang pananabik ni Jenny?

Sagot: Ipinapakita ang pananabik ni Jenny sa paghahanda niya ng mga kailangang bilhin at listahan ng iimbitahin kahit dalawang lingo pa ang hihintayin.

3. Bakit dapat ding pagplanuhin kung saan bibili ng mga kakailanganin?

Sagot: Dapat ding pagplanuhin kung saan bibili ng mga kakailanganin upang hindi na malilito kung sakaling darating na ang takdang araw.

4. Anong suliraning pandaigdig ang binanggit sa talata?

Sagot: Ang suliraning pandaigdig na binanggit sa talata ay ang pagkalat ng COVID-19 Virus.

5. Anong kaugalian sa kasalukuyan ukol sa handaan ang binanggit sa akda?

Sagot: Ang kaugalian sa kasalukuyan ukol sa handaan na binanggit sa akda ay:

Marami nang mga tao na hindi na nagluluto sa bahay kung may handaan. Bagkus nagpapaluto na lang sa mga tindahan o nag-ooder na lang ng pagkain saka dinadala sa bahay at ihahain sa mga bisita.

6. Sa inyong palagay, natutuloy kaya ang pinaplanong parti ni Jenny sa kanyang kaarawan?

Sagot: Hindi, dahil sa kautusan na maglockdown kaya walang pwedeng makapagdadalo sa kanyang parti. Sa panahon ng lockdown ay ipinagbabawal din ang pagpaparti o kahit ano mang pagtitipon.

ORVT
S.Y. 2020-2021
FILIPINO 10

## Magtulungan sa Halip sa Mangutya

Kilala sa buong barangay si Mang Dionisio. Nagingisda siya sa gabi at may maliit din siyang maisan. Nagpapahiram din siya ng pera sa mga nangangailangan na may porsyento. Bagamat sunod-sunod na ipininganak ang kanyang walong anak, kumikita pa rin naman silang mag-asawa ng sapat. Subalit hindi siya gaanong nagugustuhan ng kanyang mga kabarangay. Iyon ay dahil sa kanyang labis na katipiran.

"Tingnan n'yo si Mang Dionisio". Naglalakad na naman siya ganoong may pambayad naman siya sa dyip. Talagang kuripot!" panunuya ng isang kabarangay.

"Malay n'yo nga naman. Baka sakaling maging milyonaryo," salo ng isa pa.

"Ha! Ha! Ha!" sabay-sabay na tawanan ng iba pa niyang kabaranggay.

Isang araw, isang malakas na bagyo ang dumaan sa kanilang lugar. Nasapol nang husto ng bagyong Auring ang kanilang barangay. Maraming tahanan ang nawasak. Nasalanta ang mga pananim. Ang mga hayop ay namatay rin.

Lubhang naghirap ang mga kanayon ni Mang Dionisio dahil hindi sapat ang ipinamudmod ng pamahalaang lokal. Habang nagpapalabas ng mga hinaing sa harap ng mga opisyales ng barangay ang kanyang mga kanayong nagugutom, dumating si Mang Dionisio at ang kanyang pamilya dala-dala ang mga supot ng bigas at de lata upang ipamigay sa mga kabarangay.

Mga tanong:

1. Ano ang katangian ni Mang Dionisio na hindi nagustuhan ng kanyang mga kabaranggay?

Sagot: Ang katangian ni Mang Dionisio na hindi nagustuhan ng kanyang mga kabaranggay ay ang pagiging kuripot.

2. Anong ugali ng mga kabaranggay ni Mang Dionisio ang hindi dapat pamarisan?

Sagot: Ang ugali ng mga kabaranggay ni Mang Dionisio na hindi dapat pamarisan ay ang pagiging mapanuya.

3. Bago dumating ang sakuna sa kanilang barangay, paano natulungan ni Mang Dionisio ang kanyang mga kanayon na kapalit naman nito ay ang paglago ng kita niya.

Sagot: Nagpapautang siya ng pera sa mga nangangailangan na may porsyento.

4. Bakit kaya nakapagpamahagi pa ng pagkain si Mang Dionisio sa kanyang mga kabaranggay gayong nakatira rin siya sa barangay na nasapol ng bagyong Auring?

Sagot: Nakapagpamahagi pa ng pagkain si Mang Dionisio sa kanyang mga kabaranggay gayong nakatira rin siya sa barangay na nasapol ng bagyong Auring dahil siya ay matipid at mayroon siyang naimbak noong hindi pa dumating ang sakuna.

5. Anong aral ang nais ipabatid ng may-akda sa pahayag na "hindi sapat ang ipanamudmod ng pamahalaang lokal"?

Sagot: Nais ipabatid ng may-akda na hindi tama na iaasa na lang natin sa pamahalaan ang mga pangangalangan natin sa panahon ng sakuna kundi nararapat na paghandaan ito ng bawat isa.

6. Para sa iyo, dapat bang pamarisan ang ginawa ni Mang Dionisio na paglalakad kahit na may pambayad sa dyip?

Sagot: Oo, kung malapit lang ang aking pupuntahan at wala akong mabigat na dalahin sapagkat bukod sa nakatitipid tayo sa pamasahe, magandang ehersisyo naman ang paglalalkad.

**ORAL READING VERIFICATION TEST RESULT**
**INDIVIDUAL RESULT**

**Paaralan:** ______________ **Baitang:** ___________

| Pangalan ng Estudyante | Bilang ng Enrolment | Independent | Instructional | Frustration |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| **Kabuuan** | | | | |

**ORAL READING VERIFICATION TEST RESULT**
**SCHOOL CONSOLIDATION**

**Pangalan ng Paaralan: ___________________**

| | Bilang ng Enrolment | Independent | Instructional | Frustration |
|---|---|---|---|---|
| Baitang 7 | | | | |
| Baitang 8 | | | | |
| Baitang 9 | | | | |
| Baitang 10 | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| Kabuuang Bilang | | | | |

**ORAL READING VERIFICATION TEST RESULT**
**DISTRICT CONSOLIDATION**

**Pangalan ng District: ___________________**

| Pangalan ng Paaralan | Bilang ng Enrolment | Independent | Instructional | Frustration |
|---|---|---|---|---|
| 1. | | | | |
| Baitang 7 | | | | |
| Baitang 8 | | | | |
| Baitang 9 | | | | |
| Baitang 10 | | | | |
| 2. | | | | |
| Baitang 7 | | | | |
| Baitang 8 | | | | |
| Baitang 9 | | | | |
| Baitang 10 | | | | |
| Kabuuang Bilang | | | | |